OMALAHOKAN
OPISYAL NA PAHAYAGANG FILIPINO NG UNIVERS... ATORY ELEMENTARY SCHOOL
BILANG 1 | AGOSTO 2023 - PEBRERO 2024



# UBLES nanguna sa regn'l marathon of skills, talents

**Isang matagumpay na laban ang naitala ng Team UBLES sa nakaraang Association of Science and Mathematics Educators of the Philippine Private and Public Schools (ASMEPPS) Regional Marathon of Skills na isinagawa online noong ika-20 ng Enero 2024.**

Nakamit ng mga kalahok ang impresibong bilang na 17 gintong medalya, 5 pilak, at 2 bronse, isang patunay ng kanilang kahusayan at galing sa iba't ibang kategorya.

Narito ang mga nag-uwi ng gintong medalya:
- Danilo Bryce C. De Guzman (Sci-modeling)
- Dean Dreigh Krayon Y. Tamayo (Dance for Environment at On the Spot Poster Making)
- Julianna Atheena Villa (Declamation at Science Creative Writing)
- Aiah Y. Tobias (Declamation)
- Kacey Maryan A. Alcantara (Declamation)
- Ryu Matthew Dale T. Casis (On the Spot Poster Making)
- Reienne Mirage A. Yra (News Writing)
- Alyna Yves T. Bayawa (Science Creative Writing)
- Denise Margarette R. Gatchalian (Pagsulat ng Lathalain)
- Trycia Baros R. Villafuerte (Feature Writing)
- Angela Maeson B. Aguilar (Malikhaing Pagsulat sa Agham)
- Daniya Louries M. Baril (Song for the Environment)
- Neriyah Ygraine B. Martinez (Drawing)
- Thomas Gabriel Ngagan (On the Spot Poster Making)
- Cassandra M. Lacaba (Photojournalism)

Nakamit rin ng limang mag-aaral ang ikalawang pwesto sa iba't ibang kategorya, kabilang sina Yahnis Rein L. Fucasan (Poem Delivery), Naomi Mishkaella B. Gengania (Coloring), Jacob Feodore L. Co (Storytelling), Yohann Sasha William (Storytelling), at Peyton Kyrelle C. De Guzman (News Writing).

Ipinamalas naman nina Gat Anthony B. Bagbagen Jr. (Coloring) at Violet R. Janapin (Storytelling) ang kanilang kakayahan nang masungkit ang ikatlong pwesto.

Ang isang kalahok ay kasalukuyang naghahanda para sa National Marathon of Skills and Talents na magaganap sa Marso 9 at 10 sa Unibersidad ng Baguio. Isang pagkakataon ito para patunayan ang galing sa pambansang antas.// Cristina

# Global partners, bumisita sa UBLES

**Upang palakasin ang akademikong pakikipagtulungan, bumisita ang global partners mula sa Japan Nagasaki Wesleyan University sa University of Baguio Laboratory Elementary school para sa isang kalahating araw na interaksiyon sa mga guro, kawani at mga mag-aaral ng elemntarya noong Agosto 24.**

Ang Foreign Languages Department na pinamumunuan ni Prop. Lee Flake, kasama si Prop. Tomoko Hayashida, Prop. Yuku Ikeda, at Engr. Elisea Santos ay napabilib sa pamamaraaan at kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon at sa kahusayan ng mga guro sa pagtuturo.

Sila ay umikot sa mga iba't ibang pasilidad ng paaralan, nakipagkilala sa mga kawani at mag-aaral, inobserbahan ang mga estratehiya ng mga guro sa pagtuturo, at nagbahagi rin ng kani kanilang mga karanasan sa larangan ng pagtuturo.

Layunin nito na mapabuti at makapagbigay ng kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral.//DT



*Isa, dalawa, tatlo! Mga bata - handa ng matuto.*





*Ang mga batang mamamahayag, handang magsilbing tinig ng katotohanan at pagbabago.*

# National Book Week, ipinagdiwang

**Nakilahok ang mga mag-aaral ng UBLES sa iba't ibang aktibidad ng National Book Week na may temang "Read, Reread, Relive" noong Nobyembre 20-24, 2023.**

Ang unang aktibidad ay virtual story telling na nahati sa dalawang kategorya. Ang kategorya ay para sa nursery at kinder samantalang ang pangalawa ay para sa ikalawa at ikatlong baitang.

Ang mga nanalo sa unang kategorya ay sina Yahnis Rein Fucasan (unang gantimpala) at Zayn Andrei David Tamayo (ikalawang gantimpala). Sa ikalawang kategorya naman ay sina Yohann Sasha William (unang gantimpala) at Jacob Feodore Co (ikalawang gantimpala).

Ipinamalas naman ng mga mag-aaral mula sa ikatlo hanggang sa ikaanim na baitang nag kanilang pagkamalikhain sa pagdidisenyo ng bulletin board. Ang unang kategorya ay para sa ikatlo at ikaapat na baitang samantalang ang ikalawang kategorya naman ay para sa ikalima at ikaanim na baitang.

Ang mga nanalo sa unang kategorya ay ang Grade 3 Lapiz (unang gantimpala), Grade 3 Turquoise at Grade 4 Diamond (pangalawang gantimpala), at Grade 4 Alexandrite (ikatlong gantimpala).

Sa ikalawang kategorya, ipinakita ng Grade 6 Amber ang kanilang husay sa pagdedesinyo nang masungkit ang unang gantimpala, ikalawa naman ang grade 5 Moonstone at ikatlo ang Grade 6 Jasper samantala ang Grade 5 Carnelian, Grade 5 Tanzanite at Grade 6 Beryl ay nabigyan naman ng consulation prize.//Xiara

## Batang mamamahayag dumalo sa seminar-workshop na INKSIGHT

**Ang mga kasapi ng Gazetteer at Omalahokan mula sa University of Baguio Laboratory Elementary School (UBLES) ay lumahok sa seminar-workshop tungkol sa pagsusulat ng mga balita at artikulo noong Disyembre 9 sa UBLES Quadrangle.**

Ang mga manunulat mula sa Baguio Midland Courier na sina Jane Cadalig at Hanna Lacsamana, ay nagbahagi ng kanilang kaalaman sa pagsusulat ng balita, editoryal, feature, at science feature bilang paghahanda para sa Division Schools Press Conference (DSPC).

Ayon sa mga kalahok, ang nasabing seminar ay nakapagbigay sa kanila ng bagong kaalaman tungkol sa pagsusulat at pamamahayag. Anila, ang pamamahayag ay kailangang totoo at hindi imbento lamang.

Dagdag pa, nararapat lamang na ang isulat lamang ay iyong makatotohanan.

Ang mga kasapi ay nakatakdang lumahok muli sa pangalawang sesyon at iba pang pagsasanay sa pamamahayag.//CD















*MAGKAISA. Ang mga guro ng UBLES ipinagdiriwang ang palitan ng kultura at pagsulong ng pang-unawa sa buong mundo.*

# Mag-aaral, nagkaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba

**Ang UBLES ay nag-organisa ng iba't ibang aktibidad sa United Nations na nagtataguyod ng kalayaan, pantay-pantay, at katarungan para sa lahat noong Oktubre 17-23 sa UBLES Quadrangle.**

Nagkaroon ng pasiklaban sa kasuotan( best in costume), little Mr. and Ms UN, Draw and tell, essay writing, kompetisyon ng talento ( it's showtime), essay writing at extemporaneous speech..

Nagsimula ang mga pagdiriwang sa pamamagitan ng pagbibihis ng mga batang nasa nursery at kinder ng makukulay na kasuotan na kumakatawan sa iba't ibang bansa. Nagparada ang mga ito habang ipinapakita ang kanilang mga kasuotan sa kanilang mga kaklase at guro.

Samantalang ang mga mag-aaral sa mga baitang na isa at dalawa ay sumali sa Search for Little Mr. and Ms. UN pageant. Binigyan sila ng pagkakataon na ipahayag ang kanilang sarili habang nakadamit bilang kilalang personalidad mula sa iba't ibang bansa. Pinakita ng mga kalahok ang kanilang kumpiyansa habang binibighani ang audience sa kanilang talino at galing.

Ang mga mag-aaral naman sa baitang tatlo ay nakilahok sa isang Draw and Tell competition kung saan binigyan sila ng pagkakataon na ipakita ang kanilang mga artistic na kasanayan. Inalok sa kanila ang pagguhit ng isang bagay na kumakatawan sa pagkakaisa o pagkakaiba-iba habang iniuugnay ito sa kanilang personal na kahulugan. Samantalang ang mga mag-aaral sa baitang apat ay nagbigay aliw sa lahat sa pamamagitan ng kanilang mga talento sa isang Showcasing of Talents event. Mula sa pag-awit hanggang sa pagsayaw, itinanghal ng mga batang ito ang kanilang kahanga-hangang kakayahan.

Bukod dito, para sa mga mag-aaral sa baitang lima at anim, binigyan sila ng pagkakataon na ipahayag ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsusulat at pagsasalita. Ang mga mag-aaral sa baitang lima ay sumali sa isang Essay Writing contest kung saan ibinahagi nila ang kanilang mga opinyon sa pagsulong ng pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral sa baitang anim ay nakilahok sa isang Extemporaneous Speech competition kung saan binigyan sila ng limitadong oras para ihanda ang kanilang talumpati sa isang paksa na may kinalaman sa paggalang sa kultura.

Sa buong linggo ng pagdiriwang, kitang-kita na prayoridad ng UBLES ang pagpapahalaga sa paggalang sa kultura.

Ang pagdiriwang ng United Nations sa UBLES ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaisa sa kabila ng ating mga pagkakaiba - maging ito man sa pamamagitan ng mga kasuotan, pagtatanghal ng talento, o mga kompetisyon - na nagpapaalala sa lahat na mas malakas tayo kapag nagkakaisa bilang isang pandaigdigang komunidad. Naging matagumpay ang nasabing selebrasyon na kung saan naipamahagi ang iba't ibang talento at naipakita sa komunidad ang importansya ng kapayaan at pagbuo ng mapayapang pamayanan.//Dea

# Anti-bullying campaign inilunsad


**Nakilahok ang mga mag-aaral ng UBLES sa anti-bullying campaign na idinaos sa UBLES noong Pebrero 2024 na may temang "Creating an Innovative and Fun Learning Environment through advocating healthy boundaries and strengthening the GMRC" o Good Manners and Right Conduct.**

Ang nasabing kampanya ay isinagawa upang magkaruon ng masiglang pakikilahok mula sa mga estudyante, guro, magulang, at iba pang miyembro ng paaralan.

Ang pangunahing layunin ng kampanya ay ang ma-promote ang isang maayos at ligtas na kapaligiran sa paaralan, kung saan ang bawat isa ay may respeto sa isa't isa at nagtataguyod ng mga tamang kaugalian. Binigyang-diin ang kahalagahan ng pagtataguyod ng malusog na ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral, at ang papel ng GMRC sa paghubog ng kanilang pagkatao.

Ang mga mag-aaral, guro, kawani at mga magulang ay hinikayat na makibahagi sa online homeroom guidance at pumirma sa pangako o pledge na nakalagay sa bulletin board.

Ang pagbibigay-diin sa pagpapatibay ng GMRC at pagpapalaganap ng malusog na kapaligiran ay nagdulot ng positibong epekto hindi lamang sa pakikipagkapwa ng mga estudyante kundi pati na rin sa buong kultura ng paaralan.//Ayen



# UBLES, ginunita ang Intramurals

**Matagumpay na ipinagdiwang ang Nanay Rosa Day o UBLES Intramurals sa UB Cardinals Gym noong Ika-15 ng Setyembre.**

Ang mga mag-aaral ay sumali sa iba't ibang kompetisyon tulad ng Search for Little Mr. and Ms. UBLES para sa preschool, Cheering Competition, Field Demonstration, at Basketball.

Ang Little Mr. and Ms. UBLES ay naging masaya at makulay na bahagi ng paligsahan. Ang mga nanguna sa patimpalak ay ang Blue Team at ang Green Team mula sa Kinder. Ang kanilang pagganap ay nagdala ng kasiyahan sa buong komunidad ng UB Elementary School.

Sa Cheering Competition, nanguna ang Green Korea, sinundan ng Orange Ronins bilang First Runner Up, ang Blue Titans naman ang Second Runner Up, at ang Yellow Eagles ay nakamit ang Third Runner Up. Ang mga cheerers maging mga cheerleaders ay nagbigay saya, aliw at sigla sa mga manonood.

Sa Field Demonstration, naipakita ang husay sa pagsasayaw at pagtatanghal nang masungkit ng Green Team ang tagumpay. Ang Yellow Team ang First Runner Up, sinundan ng Blue Team bilang Second Runner Up, at ang Orange Team ang nakakuha ng Third Runner Up.

Nagbigay ng tensiyon at aksiyon naman sa Intramurals ang basketball. Ang Green Team ang nagwagi, sinundan ng Yellow Team bilang First Runner Up, ang Orange Team naman ang Second Runner Up, at ang Blue Team ang Third Runner Up. Ang laban sa pagitan ng basketball teams ay nagbigay saya at inspirasyon sa mga manonood.



*Laban at tagumpay! Hatawan ng galing, sigla, at determinasyon ng mga mag-aaral sa Intramurals.*

Sa Tarpaulin Design Contest naman, ipinamalas ng Yellow Team ang kanilang pagkamalikhain nang masungkit ang unang gantimpala, kasunod nito ay ang Green Team, Orange Team at ang Blue Team. Ang mga tarpaulin ay nagbigay kulay at kahulugan sa buong pagdiriwang ng Intramurals.

Sa pangkalahatan, ang Green Team ang itinanghal bilang kampeon sa buong kompetisyon, matagumpay na naipamalas ang kanilang kahusayan sa iba't ibang larangan.

Ang Yellow Team ay nagtagumpay bilang First Runner Up, ang Orange Team ay kinilala bilang Second Runner Up, at ang Blue Team ang nakakuha ng Third Runner Up.

Ang tagumpay ng bawat koponan ay nagbigay inspirasyon at kasiyahan sa buong paaralan, nagpapakita ng pagkakaisa at pagkakapatiran sa UB Elementary School.//Xiara







## *Retrong tugtugin, naitampok sa Musical Competition*

**Naghandog ang University of Baguio Laboratory Elementary School (UBLES) ng isang kakaibang Musical Competition na nagbigay diin sa mga klasikong tugtugin ng dekada 60's, 70's, at 80's sa UB Cardinals Gym noong Enero 30, 2024.**

Kaugnay sa temang "Back to the Groove: Exploring the Timeless Beats of Retro Music", ang pagdiriwang na ito ay nagsilbing plataporma para sa mga mag-aaral na maipakita ang kanilang natatanging talento sa pagsayaw at pag-awit. Sa pamamagitan ng mga retrong tugtugin (dekada ng 60's hanggang 80's), kumanta at sumayaw ang mga mag-aaral at nagbigay buhay sa mga kilalang kanta at sayaw ng mga panahong iyon.

Isa pa sa makulay na bahagi ng palabas ay ang espesyal na pagtatanghal ng mga guro, kabilang na ang punong-guro na si Dr. Julius Gat-eb. Ipinakita ng mga guro ang kanilang galing sa pagsayaw, at hindi lang ito nagbigay ng aliw sa mga manonood kundi nagdulot din ng masiglang palakpakan.

Sa pangunguna ng MAPEH group, nagtagumpay ang programa at naging mainit ang pagtanggap mula sa mga manonood.

Ang mga nagwagi sa kompetisyon ay kinilala at binigyan ng parangal. Ang UBLES Musical Competition ay hindi lamang nagbibigay daan para sa pagpapakita ng talento kundi nagtuturo rin ng pagpapahalaga sa musika, kasaysayan, at pagpapahalaga sa isa't isa.

Ang makulay at masayang pagtatanghal ay nagdulot ng ligaya at inspirasyon sa mga manonood, lalo na sa mga magulang, kamag-anak, at mga bisita na dumalo.//Shammah



# *Scouts nakibahagi sa Backyard camping*

**Naglunsad ang University of Baguio Laboratory Elementary School (UBLES) ng isang kakaibang karanasan tungo sa paglinang ng disiplina, responsibilidad, at kahusayan, - ang Backyard Camping sa UBLES Quadrangle noong October 27-28.**

Sa ilalim ng gabay ng kanilang guro at suporta mula sa paaralan, nagtagumpay ang mga mag-aaral ng UBLES sa kanilang mga aktibidad. Ang simpleng karanasang ito ay nagtaglay ng malalim na aral ukol sa disiplina, responsibilidad, at pagiging independent ng bawat mag-aaral.

Sa paglahok sa backyard camping, natutunan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagsunod sa mga patakaran at tamang paggamit ng mga kagamitan. Ang pagkakaroon ng sariling kusina, pagtatayo ng sariling tent, at pagsasaayos ng sariling gamit ay nagbigay daan para sa pag-unlad ng kanilang kakayahan sa pamumuhay.

Ang mga magulang, sa kabilang banda, ay nagpahayag ng pasasalamat sa paaralan sa pagbibigay ng ganitong klaseng karanasan sa kanilang mga anak.

Matagumpay na napatunayan ng Backyard Camping ng UBLES na ang edukasyon ay hindi lamang nasusumpungan sa loob ng silid-aralan kundi maaari rin itong makuha sa simpleng mga gawain at pagkakaroon ng karanasang nagtuturo ng masusing pagpaplano, disiplina, at pagiging responsableng mamamayan.//Julianna



*Disiplina at husay sa pamumuno. Mga scouts ipinamalas ang kung ano ang tunay na pamumuno sa isa't isa .*



# Tamayo, nagwagi sa Regional Reading Promotional Video Contest sa Rehiyon

**Sa gitna ng mga kalahok mula sa elementarya hanggang kolehiyo sa Cordillera Administrative Region, ipinamalas ni Dean Dreigh Krayon Y. Tamayo, isang mag-aaral sa ika-3 baitang, ang kanyang husay nang magwagi siya ng ikalawang pwesto sa Regional reading promotional video contest sa pagdiriwang ng ika-89 National Book Week noong nakaraang Nobyembre 9 sa University of Baguio Library.**

Ang "Making Reading a Habit" ay isang promotional video contest na itinaguyod ng Philippine Librarian's Association (PLAI) na hikaytin ang bawat isa na isama ang pagbabasa sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Itinatampok nito ang kahalagahan ng regular na paggamit sa iba't ibang uri ng materyales, tulad ng libro, artikulo, pahayagan, o nilalaman sa digital. Sa pamamagitan ng pagbabasa bilang isang ugali o habit, maaaring mapalalim ng bawat isa ang kanilang kaalaman, palawakin ang kanilang pananaw, at mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika.

Ang temang ito ay nagtataguyod din ng ideya na ang pagbabasa ay hindi lamang isang beses na gagawin kundi isang regular na gawain na nagbubukas ng mas maraming oportunidad.//Dea





*Pag-iisip ay hasain, magbasa at linangin! Hiwaga ng karunungan ay matutuklasan kung ang pagbasa ay pahalagahan.*




# RESPONSABLENG PAGGAMIT NG SOCIAL MEDIA

**Social Media, isang malaking plataporma o sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga tao. Maaaring lumikha, magbahagi at makipagpalitan ng impormasyon at mga ideya sa isang virtual na komunidad at mga network.**

Sa mundo ngayon, ang social media ay naging malaking bahagi ng ating araw-araw na buhay. Bilang mga estudyante, malaking tulong para sa amin ang social media, hindi lang dahil sa mas napapabilis ang komunikasyon, kundi napapadali rin ang pagkalap ng impormasyon at balita na nais namin malaman.

Napapabilis ang pagtuklas ng mga bagay na kailangan sa pagaaral sa pamamagitan ng social media. Ngunit dapat maging mapanuri tayo sa bawat impormasyon na kinukuha natin dahil hindi lahat ay totoo. Marami ring kumakalat sa social media na hindi totoo at pekeng impormasyon. Dahil dito, mahalaga na maging responsible sa paggamit nito upang mapanatili ang positibong epekto.

Isa sa mga mahahalagang bahagi ng responsableng paggamit ng social media ay ang pagiging maingat sa impormasyon na ating ibinabahagi. Dapat tayong maging mapanuri sa mga balita at hindi agad maniwala sa lahat ng nababasa.

Ang pag-verify ng impormasyon ay isang hakbang na makakatulong upang maiwasan ang pagkalat ng maling impormasyon.

Tulad din ng ating responsibilidad sa impormasyon, kailangan natin tuklasin ang kabatiran ukol sa privacy. Dapat tayong maging maingat sa pagbibigay ng personal na impormasyon at tiyakin na ang ating online na impormasyon ay ligtas mula sa posibleng pagsalakay.

Bukod dito, ang pagiging maingat sa ating pakikitungo sa ibang tao online ay hindi dapat kalimutan. Mahalaga ang pagpapakita ng respeto at kabaitan sa mga kapwa online users. Iwasan ang pagpapakalat ng kahambugan, paninira, at iba pang hindi makakatulong sa magandang samahan sa online community.

Bilang mga gumagamit ng social media, ang responsableng paggamit nito ay hindi lamang nagbibigay ng magandang imahe sa ating sarili, kundi nagtuturo rin ng tamang halaga ng online engagement.

Sa bawat post at komentaryo, may kapangyarihan tayong baguhin ang takbo ng virtual na mundo. Kaya naman, ang pagiging responsable at maingat ay nagbubukas ng pinto sa maayos at masusing paggamit ng social media – isang landas tungo sa mas ligtas na virtual community.

## Liham sa Patnugot

*Mahal naming Patnugot,*

Ako po ay nasa ikaapat na baitang at nais ko sanang magbigay ng pansin ang pagtapon ng basura at ang tamang paggamit ng Comfort Room (CR).

Nais ko sanang itaas ang isyung ito sa inyong publikasyon upang maging lunsaran ng kaalaman at kaayusan para sa ating lahat.

Hinahangad ko po na mas mapalaganap ang mga kampanya ukol sa "Clean as You Go" at "Flush After Use." Sana ay maiparating natin sa ating mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapanatili natin ng kalinisan sa ating paaralan.

Maraming salamat po sa inyong oras at pagbibigay pansin sa aking liham. Umaasa po akong magiging bahagi ito ng inyong magandang adhikain para sa ating paaralan.

*Gumagalang,*
**Canice**

*Sa iyo Canice,*

Nais po naming iparating ang aming suporta sa iyong adbokasiya ukol sa "Clean as You Go" at "Flush After Use." Ipinapangako po namin na gagamitin namin ang aming pahina upang itaas ang kamulatan hinggil dito at maging tulay sa pagpapalaganap ng wastong kaalaman sa ating paaralan.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng kooperasyon ng bawat isa, magkakaroon tayo ng mas malinis at maayos na paaralan.

*Sumasaiyo,*
**Punong Patnugot**

OMALAHOKAN
PAMATNUGUTAN 2023-2024

Punong Patnugot:
Trycia Baros R. Villafuerte

Pangalawang Patnugot:
Julianna Atheena T. Villa

Patnugot sa Balita:
Xiara Bless E. Garnace

Patnugot sa Lathalain:
Denise Margarette R. Gatchalian
Kristie Lu Lucina

Litratista:
Jaeda Bugayong

Dibuhista:
Ryu Matthew Dale T. Casis

Mga manunulat:
Reienne Mirage A. Yra
Shammah Gentle Villegas
Daniya Louries Baril

Tagapayo:
Mrs. Cristina Dea Yra Tamayo

Konsultant:
Dr. Julius T. Gat-eb



## Balik Tanaw

JULIANNA ATHEENA T. VILLA

# *Dapat pa ba o hindi na dapat ipagpatuloy ang k-12 Program?*

**Ang artikulong ito ay base sa aking nabasa tungkol sa pagtigil sa inihahaing senior high school program sa mga state at local universities and colleges. Ang balitang ito ay lumabas sa pahayagang The Philippine Star noong ika 6 ng Enero ng kasalukuyang taon.**

Sa aking sariling pananaw, bakit pa inilunsad ang K to 12 program kung ito naman ay pansamantala lamang. Batid ko naman sa pamamagitan nito ay mabibigyan ng "quality education" ang bawat mag-aaral sa ating bansa.

Kung ako ang tatanungin, sana ay hindi na lang itinuloy ang K-12 program dahil marami din itong kaakibat na pasanin sa mga estudyante at mga magulang, gaya ng karagdagang gastusin.

Hindi naman lahat ng estudyante ay nakakatanggap ng voucher subsidies. Hindi naman lahat ng mga magulang ay may kakayanang magpaaral sa pribadong eskwelahan. Sa pagdami ng populasyon sa loob ng paaralan, ang kaakibat nitong problema ay hindi nila kakayanin tanggapin lahat ng mga mag-aaral. Ito rin ang magiging dahilan sa pagtaas ng bilang ng mga "out of school youth" Ikaw pabor ka pa rin ba sa K-12? ndata upang harapin at matugunan ang mga kakulangan sa pag-aaral o learning



## Munting Tinig

TRYCIA BAROS R. VILLAFUERTE

# *Ang Wastong Pananamit*

**Sa ating makulay na paaralan na puno ng mga magagandang pangarap at pag-asa, may ilang bagay na ating dapat pagtuunan ng pansin upang mapanatili natin ang kagandahan at respeto sa ating sarili at sa ating kapwa. Isa sa mga mahalagang aspeto nito ay ang ating pananamit.**

Sa panahon ngayon, napansin ko na may ilang mga kabataan na tila hindi naaayon ang kanilang suot sa mga pangkaraniwang alituntunin ng paaralan. Ang ganitong klase ng pananamit ay maaaring maging sanhi ng hindi magandang opinyon mula sa iba, at maaring magdulot ng kawalan ng respeto. Kaya naman, nais kong iparating ang ilang mga ideya at solusyon upang mapanatili natin ang tamang pananamit sa ating paaralan.

Una sa lahat, mahalaga ang pagsunod sa mga patakaran ng paaralan pagdating sa pananamit. Sa UBLES, napakaganda ang sistema ng paggamit ng uniporme – standard uniform tuwing Miyerkules, P.E uniform tuwing Huwebes, kasunod ng casual wear tuwing Biyernes. Subalit, may mga ilang mag-aaral na tila hindi sumusunod sa tamang dress code at mas pinipili ang mga maikli at nakakadistract na damit. Dahil dito, maaari silang mapunta sa CCSD o FOD, at makaranas ng iba't ibang isyu tulad ng harassment.

Upang malutas ang problemang ito, mahalaga na tayo bilang mga mag-aaral ay maging responsable sa ating pananamit. Dapat nating tandaan na ang ating pananamit ay refleksyon ng ating pagkatao at kultura. Sa aking palagay, mahalaga na ang bawat isa sa atin ay sumunod sa dress code ng paaralan at iwasan ang pagsusuot ng mga maikli at hindi tamang damit. Ito ay hindi lamang para sa ating sariling kaginhawaan kundi pati na rin para sa ikabubuti ng buong paaralan.

Higit pa rito, bilang mga lider at ehemplo sa paaralan, dapat nating itaguyod ang kultura ng respeto at disiplina. Maari nating gawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng magandang halimbawa sa ating mga kaklase at pagtuturo sa kanila ng kahalagahan ng tamang pananamit. Sa pamamagitan ng mga simpleng hakbang na ito, magiging mas maayos at maganda ang takbo ng ating paaralan.

Sa pagtatapos, gusto ko sanang hikayatin ang lahat na tayo ay magsilbing inspirasyon sa isa't isa upang mapanatili natin ang dignidad at respeto sa ating sarili at sa ating kapwa. Huwag natin kalimutan na ang wastong pananamit ay naglalarawan ng ating pagkatao, at ito ay isang malaking bahagi ng ating pag-unlad bilang isang paaralan. Magsanay tayo ng tamang disiplina sa ating pananamit upang tayo ay maging modelo ng kagandahan at pagiging responsable para sa lahat.



## Tagapagmasid

REIENNE MIRAGE A. YRA

# *Apatnapu't Limang Minuto*

**Isang panukalang ordinansa kamakailan ang inihain ni Councilor Fred Bagbagen tungkol sa lumalalang problema sa pagsakay tuwing umaga. Mga empleyado at mga estudyante ang karaniwang makikitang nakapila sa sakayan ng dyip tuwing umaga, umaasang makasakay sila at di mahuli sa trabaho at klase.**

Nakasaad sa nasabing panukala ang pagmandato sa lahat ng Public Utility Vehicles(PUV) sa loob ng siyudad ng Baguio na bigyang priyoridad ang pagpapasakay sa mga estudyanteng pumapasok sa paaralan tuwing umaga. Kung sakaling pumasa ito sa konseho ay tatawagin itong "45 minute student lane", bibigyang priyoridad ang mga estudyanteng makasakay mula 6:10 am hanggang 6:55 am, mula preschool hanggang senior high school tuwing lunes hanggang biyernes. Kung may kasama naman ang estudyante na maghahatid sa kanila ay isa lang ang papayagan.

Ayon naman sa konsehal na may akda ng panukalang ordinansa, ito ay bilang tugon sa nararanasang hirap ng mga estudyante sa pagpasok sa eskwelahan tuwing umaga. Sa kasalukuyan ay nasa Committees of Public Utilities, Transportation and Traffic Legislation ang nasabing panukalang ordinansa, at ito ay sasailalim pa sa pampublikong konsultasyon dahil ang sakop ng panukala ay limitado pa kung kaya kailangan ang mungkahi at opinion ng madla para mapabuti pa ang naturang panukalang ordinansa. Sa ngayon wala pang tiyak na araw kung kailan ang pampublikong konsultasyon.

Malaking tulong itong panukalang ordinansang ito sa mga estudyante, makakapasok na sila sa eskwelahan ng di nagmamadali o hindi nahuhuli sa klase. Mas magiging produktibo ang mga mag- aaral kung nakakapasok sila ng maaga at di nag aalala sa pagkakaatrasado na maaring maging dahilan ng pagliban sa klase.











# UBLES:

**Ang paaralan ang pormal na sistema ng edukasyon. Dito natututo ang mga bata. Ang isang layunin nito ay magkaloob ng pinakamabuting edukasyon para sa lahat ng mag-aaral.**

Ang pagpili ng tamang paaralan ay isang mahalagang desisyon sa buhay ng isang mag-aaral. Maraming mga aspeto ang dapat isaalang-alang upang matiyak na ang paaralan ay makakatulong sa pagsulong at tagumpay ng isang mag-aaral.

Sa panahon ngayon, maraming mga paaralan ang nagbibigay ng iba't ibang oportunidad at programa upang hikayatin ang mga estudyante na pumasok at mag-enroll sa kanilang institusyon.

Ano ano kaya ang mga paaralang nakapagbibigay ng kalidad na edukasyon? Tara! Samahan nyo ako at alamin ang iba't ibang aktibidad at programa na binibigay at inaalok ng isang paaralang punong puno ng kaalaman at kasiyahan.

UBLES o mas kilalang University of Baguio Laboratory Elementary School – mallit na paaralan ngunit kilala dahil sa kalidad na edukasyon ng pamantasan.

Narito ang ilan sa mga rason kung bakit dapat ikaw ay maengganyo na pumasok sa paaralang ito.

1. Mataas na antas ng edukasyon: Ang UBLES ay nagbibigay hindi lamang ng kumpletong kurikulum kundi pati na rin mataas na kalidad ng edukasyon. Ang pagkakaroon ng mahuhusay at propesyonal na guro, state-of-the-art pasilidad, at malawak na inobasyon sa pagtuturo ay ilan lamang sa mga katangi-tanging katangian nitong maaaring maging daan tungo sa iyong tagumpay.

2. Aktibong extracurricular activities: Isama rin natin dito ang mga extracurricular activities or clubs at mga organisasyon dahil mas madaming oportunidad para hasain ang mga talento ng mga mag-aaral at kasabay nito mas madaming matututunan sa mga aktibidadad, maging sa mga kamag-aral. Maaari kang sumali sa sports team, earth savers, readers' club, math wizzard, young artist club, Boy Scouts at Girl Scouts, maging journalism club at iba pa depende sa iyong interes. Ang mga mag-aaral ay nabibigyan din ng oportunidad para sumali sa iba't








# Paaralang puno ng kaalaman at kasiyahan

ibang paligsahan mapa local, national o international na kompetisyon. Ito'y hindi lamang nakatutulong upang mapabuti pa lalo ang talento mo pero ito rin ang paraan para hayaan ang iyong sarili na ipahayag at hanapin ang kanilang hilig.

4. Magandng pasilidad: Ang UBLES ay may magagandang pasilidad – ang mga silid ay napintahan ng iba't iba tema upang mag-udyok ang mga mag-aaral na matuto. Ang bawat silid aralan ay may naka-install na LCD projector at smart TV. Ang silid aklatan naman ay nag-aalok ng anumang libro kung saan ka interesado at maaaring mapahusay ang iyong kaalaman. Mayroon ding computer at science laboratory, practice house or HELE room at TELE o Technology-Enhanced Learning Environment. Dito ginagawa ang hands on o praktikal na gawain na may kinalaman sa paksa

5. Suporta galing sa administrasyon ng paaralan, mga guro at kawani: Lahat ng bumubuo sa paaralang UBLES ay may matibay na suporta sa bawat isa at sa lahat ng aktibidad na ipinapatupad dito.

6. Mga aktibidad tungo sa pagpapatibay ng magandang asal: Sa UBLES, ang mga mag-aaral dito ay mahusay na sinanay na maging magalang, disiplinado, mabait at malaya. Sila ay mga matatalinong mag-aaral na hindi lamang mahusay sa pag-aaral, kundi sa iba pang larangan. Natututo silang igalang ang kanilang paaralan, kaklase, guro at kanilang sarili. Taglay din nila ang Filipino Traits and Values tulad ng pagtutulungan at tiyaga.

Ang UBLES ay isang kalidad na pamantasan para ika'y magsimula. Maaari mong i-unlock ang iyong bagong potensyal! Sa unibersidad na ito, matutulungan kang marating ang mga pangarap at madala ka sa iyong tagumpay.

Maraming pagkakataon ang naghihintay sa iyo. Hali na't maging isang mag-aaral ng UBLES!











# Ang Pag-iyak ay Hindi Kahinaan

Julius T. Gat-eb

**Iyakin ako.Totoo 'yan! Kahit sabihin pa nila nang paulit-ulit ay hindi ko mapigilan. Likas ito sa akin. Lagi nilang sinasabi sa akin ng aking mga kaibigan, "walang iyakan,ha!". Pinagagalitan ako noon ng nanay ko at sinasabing, "ke lalaki mong tao, iyakin ka!" Bata pa lang kasi ako ay iyakin na. Lagi kasi akong pinapalo ng tatay ko. Kung hindi ako umuwing sugatan dahil nahulog sa kaaakyat sa puno ay nakipaghabulan sa mga batang kaedad ko kaya umuuwing parang basahan. Palibhasa, lagalag din ako. Kung saan-saan ako pumupunta. Minsan pa nga nakatulog ako sa kalsada dahil sa kaiiyak sa sobrang sakit ng palo ng tatay ko. Kasalanan ko naman kasi.**

Hanggang sa aking paglaki ay dala-dala ko na ang ganitong pag-uugali. Nakadagdag pa kasi ang lagi kong pakikinig noon ng drama o sentimental na musika sa radyo habang naglalaba ang nanay ko. Sa tuwing nakaupo sa tumba-tumba ang lolo ko ay naroon din ako at nakikinig sa mga kuwento ng lolo ko. Hanggang sa umiiyak na lamang ako.

Mahina, sensitibo, at minsan ay sinasabihan ng bakla o binabae ang mga lalaking iyakin. Ang ganitong persepsyon ng iba ay maling-mali para sa akin. Ang pag-iyak ay hindi kahinaan. Masarap ang pakiramdam matapos mong maibuhos ang iyong emosyon sa pamamagitan ng pag-iyak. Nagiging kalmado ang iyong utak at ng iyong puso matapos masaling dahil sa galit at sobrang lungkot o pagkatuwa. Lumuluwag ang dibdib mo dahil sa mga pangyayaring agad ay hindi mo matanggap dahil minsan hindi naman totoo. Ang pagluha ay paglilinis ng anumang marumi o masamang bagay na nasa loob natin. Sabi nga, "Soap is to the body, tears are to the soul."

Kaya tama lamang ang umiyak at ilabas ang negatibong elementong bumabalot sa ating katawan na nagdudulot ng sobrang pagkapagod. May mga taong lasenggo dahil sa dami ng problema. May mga taong matakaw dahil dito ibinubuhos ang pagod. May iba na nagwawala at nagbabasag ng anumang kagamitan para ibuhos ang galit. May iba namang nagmamaneho upang pumunta sa kung saan at sa sobrang emosyong pinipigilan ay may ilang naaaksidente. Marami tayong ginagawa na maaaring magdulot sa atin ng kapahamakan. Pero kung iniyak mo na lamang at ipinalangin, o kay sarap na pakiramdam!

Minsan pa nga kung sino ang mga komedyante o sila pang palatawa ay mas maraming pinagdadaanan. Hindi lamang nila maipakita sa pag-iyak kundi ibinubuhos sa pagpapatawa at pagtawa kahit sa maliliit na bagay. Hindi natin alam na sila pala ang dumaraan sa maraming mga problema. Nakakahiya para sa kanila ang pag-iyak sa harapan ng tao kaya idinadaan sa pagpapatawa

Para sa akin, mas humahanga ako sa mga lalaking iyakin. Totoo sila sa kanilang damdamin. Hindi takot. Hindi duwag. Hindi mapagkunwari dahil kaya nilang harapin ang idinidikta ng kanilang damdamin!







# PAGPAPALAWAK NG KARUNUNGAN AT PAGSUSURI NG KAALAMAN SA AGHAM

**Ang pag-aaral ng agham ay nagbibigay ng kakaibang karanasan sa isang mag-aaral. Sa University of Baguio Laboratory Elementary School (UBLES), itinataguyod ang pagsulong ng kaalaman sa agham sa pamamagitan ng mga makabuluhan at aktwal na mga eksperimento. Bukas ang paaralan para sa mga mag-aral na magkaroon ng kamalayan sa siyentipikong pamamaraan at masusing pagsusuri.**

Isa sa mga pangunahing layunin ng pagsasagawa ng mga eksperimento ay ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pagbibigay ng mga aktwal na karanasan sa laboratoryo, nagiging mas masigla ang pagkatuto ng mga bata.

Ang mga mag-aaral ay inaanyayahan na maging aktibo sa pamamagitan ng pagsusuri. Hinihikayat silang magtanong, bumuo ng mga hypothesis, at magsagawa ng sariling mga eksperimento. Sa ganitong paraan, nakikita ng mga mag-aaral ang koneksyon ng kanilang natutunan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pagtatangkang ito na palawakin ang kaalaman ng mga kabataan sa agham ay nagbubukas ng mga pintuan ng posibilidad at naglalatag ng landas para sa kanilang tagumpay at pag-unlad sa hinaharap.

Sa UBLES, makikita ang mga mag-aaral na masigla at masidhi ang interes sa agham dahil sa mga aktibidad na ito. Ang pagganap ng mga eksperimento ay nagbibigay-daan sa kanila na maunawaan ang mga konsepto sa mas malalim na antas.

Bukod dito, nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagsusuri ng datos, resulta, at ng mga problema—lahat ng ito ay mahalagang kasanayan at nagbibigay hindi lamang ng teoretikal na kaalaman na magiging pundasyon kundi pati na rin ng kahandaan na harapin ang mga hamon sa larangan ng agham. Ang pagtatangkang ito na palawakin ang kaalaman ng mga kabataan sa agham ay nagbubukas ng mga iba't ibang oportunidad at naglalatag ng landas para sa kanilang tagumpay at pag-unlad sa hinaharap.//CDYT



# UB: TELE RECAST GRANTEE

**Ang RECAST (Rethinking Education, Championing and Accelerating School Transformation) ay isang programa ng Private Education Assistance Committee (PEAC) na nagbibigay ng pampinansiyal na tulong sa mga kwalipikadong paaralan na may "magandang panukala at makabagong pamamaraan sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pag-aaral gamit ang teknolohiya."**

Ang ating unibersidad ay isa sa mga grantees ng RECAST na magpapatupad ng panukalang proyekto ukol sa online learning na pinamagatang: Technology Enhance Learning Environmentogy."

Ang UB ay opisyal nang nakipag-partner sa PEAC at Inteligente Publishing, Inc. sa pamamagitan ng ceremonial signing at meeting kasama ang Pangulo ng Unibersidad ng Baguio, Engr. Javier Herminio Bautista, at Executive Director ng PEAC, Ms. Rhodora Angela Ferrer.

Ang Inteligente Publishing, Inc. ay nagkakaloob ng grant bilang bahagi ng kanilang RECAST Program para sa proyektong Technology Enhanced Learning Environment.

Ang TELE sa UBLES ay may mga kagamitan tulad ng computer, smart television/interactive whiteboard, at iba't iba pang mga educational software. Ang mga kagamitan na ito ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon upang mas dinamikong makisali sa talakayan at mapabuti ang kanilang kasanayan sa teknolohiya.

Ang paggamit ng teknolohiya sa loob ng paaralan, sa pagtuturo at pag-aaral, ay may maraming naitutulong na epekto. Narito ang ilan sa mga ito:

1. Pagpapabuti ng karanasan sa pag-aaral: Ang mga teknolohikal na kagamitan tulad ng computer, smart TV, at iba pang gadgets ay nagbibigay ng mas interaktibong karanasan sa pag-aaral. Ito ay nakakatulong upang mas ma-engage ang mga mag-aaral at mas maintindihan ang mga konsepto.

2. Mas malawak na access sa impormasyon: Sa tulong ng internet at iba't ibang online resources, madaling ma-access ang malawak na saklaw ng impormasyon para sa mga mag-aaral at guro. Ito ay nagbibigay-daan upang mapabuti pa ang kanilang kaalaman at makahanap ng karagdagang materyales para sa pagsasaliksik.

3. Pagpapaunlad ng kasanayan sa teknolohiya: Sa pamamagitan ng regular na paggamit ng teknolohiya, natututo ang mga mag-aaral at guro na gamitin ito nang maayos. Nagkakaroon sila ng kakayahang mag-operate ng mga aparato, gamitin ang iba't ibang software, at solusyunan ang mga problemang may kaugnayan sa teknolohiya.

4. Pagsasama-samang konteksto: Ang teknolohiya ay nakakatulong upang maisama ang tunay na mundo o aktwal na konteksto sa loob mismo ng klase. Halimbawa, maaaring gamitin ang video presentations o virtual field trips upang ipakita o maiparanas sa mga mag-aaral ang aktwal na sitwasyon.

5. Personalized na pagtuturo: Sa pamamagitan ng online learning platforms o educational software, posible ang personalized na pagtuturo kung saan nagiging tugma o nababagay ito batay sa pang-indibidwal na pangangailangan o antas-kakayahan.

Upang matiyak ang maayos at madalas na paggamit ng teknolohiyang ito, ang UBLES ay nag-aalok ng mga regular na sesyon ng pagsasanay para sa mga guro hinggil sa epektibong integrasyon ng teknolohiya sa kanilang mga aralin. Ang mga guro ay natututo kung paano gamitin nang maayos ang multimedia tools habang pinapanatili ang pagkakaugnay ng mga topiko at paggamit ng teknolohiya sa layunin ng kurikulum.

Ang lahat ng ito ay naglulunsad tungo sa isang modernong sistemang edukasyon na naghahanda sa mga mag-aaral para sa mga hamon na haharapin at magbibigay sa kanila ng mga pangunahing kasanayan para magtagumpay.







# Curiosity STREAM

ni: Kristie Lu

**Ang Curiosity Stream ay isang streaming platform na nagbibigay ng access sa maraming documentary films at series na nagtatampok ng iba't ibang mga paksang nauukol sa agham, teknolohiya, kasaysayan, kalikasan, at marami pang iba. Ito ay itinatag noong 2015 ni John S. Hendricks, ang founder ng Discovery Channel. Ang UBLES ay nakasubscribe na sa Curiosity Stream simula noon nakaraang taon.**

Sa Curiosity Stream, maaari mong mapanood ang iba't ibang mga dokumentaryo na naglalarawan ng mga pagsulong at kasaysayan ng agham at teknolohiya. Narito ang ilan sa mga dokumentaryo na maaaring makita mo sa platform:

1. Breakthrough: The Ideas That Changed the World - Isang serye na naglalarawan ng mga pangunahing ideya at imbensyon na naging bahagi ng makabagong kasaysayan ng teknolohiya.
2. Light on Earth: Ito ay nagtatampok ng mga kahanga-hangang aspeto ng ilaw at kung paano ito nakakaapekto sa buhay sa iba't ibang bahagi ng mundo.
3. The Secret Lives of Scientists and Engineers - Isang serye na nagbibigay ng masusing pagsusuri sa mga personal na buhay at likas na kuryosidad ng mga kilalang siyentipiko at inhinyero.
4. The Joy of Techs - Ito ay isang programa kung saan sina Tim Shaw at palabas na komedyante na si Buddy Munro ay nagsasanay ng mga makabagong teknolohiya at gadget.
5. Dream the Future - Isang dokumentaryo na nagbibigay ng isang pagtingin sa hinaharap ng teknolohiya, kung paano ito maaaring baguhin ang ating pamumuhay at lipunan.

Sa CuriosityStream, maaari mong panoorin ang mga documentary series, special features, at iba't ibang educational content na naglalayong magbigay impormasyon at kaalaman sa mga manonood. Ang platform ay popular sa mga mahilig ng documentary films at educational programming.

Para ma-access ang CuriosityStream, kinakailangan ang isang subscription, at maaari itong mapanood sa iba't ibang devices tulad ng computer, smartphone, tablet, at smart TV. Mayroon itong iba't ibang kategorya ng content na inaayos para sa iba't ibang interest ng mga manonood.





# Ang Paglalakbay sa Alon ng Tagumpay

**Sa likod ng kahusayan, sa mundo ng paglalangoy, isang paglalakbay ang nagaganap sa buhay ng isang atleta na si Zephanaia Ielle Tagara, mag-aaral sa University of Baguio Laboratory Elementary School (UBLES). Hindi lamang siya kilala bilang isang batikang atleta, ngunit tila'y isang inspirasyon at huwaran sa iba pang larangan ng kanyang buhay.**

Simula pa noong siya ay apat na taong gulang, malinaw na nagsisilbing outlet at passion ang paglalangoy para kay Zephanaia. Sa pamamagitan ng kanyang pagsasanay at tiyaga, napansin agad ang kanyang natatanging talento at potensyal bilang isang swimmer. Ito ang nag-udyok sa kanya upang sumali sa iba't ibang swimming competitions.

Sa pamamagitan ng paglalangoy, natutunan ni Zephanaia na mag-balanse ng kanyang pagsasanay at akademikong pag-aaral. Sa kanyang buong swimming career, nakamit niya ang higit isang daan na medalya mula sa mga paligsahan na kanyang sinalihan – local hanggang international.

Ang mga tagumpay na ito ay nagbigay-daan para matuto siyang maging disiplinado, magkaroon ng tiwala sa sarili, maging matapang at matatag.

Bilang isang estudyante ng UBLES, nagsilbing inspirasyon ang kanyang paglalaro para magtagumpay din sa kanyang pag-aaral. Hindi nasayang ang kanyang mga oras sa pool, bagkus ay nagiging instrumento ito upang siya'y maging mas disiplinado at masigla sa pagsasagawa ng mga gawain sa paaralan.

Kahit na nakatuon sa kanyang pag-aaral, hindi nagpabaya si Zephanaia sa kanyang pagiging atleta. Sa pagsabak sa mga kompetisyon, patuloy siyang nagtatagumpay at nagdadala ng karangalan hindi lamang para sa kanyang pamilya kundi maging para sa buong pamantasan.




Naging modelo si Zephanaia ng dedikasyon, tiyaga, at respeto sa kanyang koponan. Sa kabila ng kanyang tagumpay, nananatili siyang mapagkumbaba at handang magbigay inspirasyon sa iba pang mga estudyante, lalo na sa mga naghahangad na maging isang world-class athlete tulad niya.

Bukod sa kanyang tagumpay sa pagsuswimming, aktibo rin si Zephanaia sa iba't ibang gawain sa paaralan. Naging bahagi siya ng iba't ibang organisasyon na naglalayong magtaguyod ng kahusayan sa iba't ibang aspeto ng buhay ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, si Zephanaia Ielle Tagara ay hindi lamang isang swimmer ng UBLES kundi isang buhay na halimbawa ng pagkakaroon ng balanse sa pagitan ng sports at akademya.

Ang kanyang tagumpay ay naglalarawan ng kahalagahan ng pagiging bukas sa mga oportunidad at ang pagtanggap sa mga hamon ng buhay sa pamamagitan ng masigasig na pagsusumikap.

# *Mga batang mandirigma, namayagpag sa 2023 National Taekwondo Championships*

**Ipinamalas ang kalakasan at katapangan ng mga atleta sa naganap na 2023 National Age Group Taekwondo Championships noong Nobiyembre 11-12 sa Ninoy Aquino Stadium, Metro Manila.**

Nasungkit ang gintong medalya ng mga atletang sina Winter Niamh Scarlet Abuan (Individual Poomsae), Joniya Yua Ysabelle Obiacoro (Individual Poomsae), Zion Ysabelle Buenviaje (Team Poomsae) at Kyla Nicole Takinan (Sparring).

Hindi naman nagpatinag katapangan si Alexa Rea Ramos (Sparring) nang makuha ang ikalawang pwesto habang sina Zion Ysabelle Buenviaje (Individual Poomsae), Winter Niamh Scarlet Abuan (Team Poomsae) at Elijah Rae Ramos (Sparring) ay nailuklok sa pangatlong pwesto.




*Determinasyon at Tapang. Ipinamalas ang lakas at galing ng mga batang manlalaro na nagwagi sa laban.*

# UBLES Volleyball team, umarangkada

**Umalingawngaw ang Volleyball Elementary Girls District Meet sa mga bulwagan ng Apolinario Mabini Elementary School sa Baguio City, noong Disyembre 9, taong 2023.**

Ang UBLES Volleyball girls' team ay lumaban sa kopona ng Apolinario Mabini School at Don Aurora Elementary School at nasungkit ang ikatlong pwesto.

Ang grupong ito ay binubo ng mga mahuhusay at determinadong atleta na sina Ziane Joanne V. Millare, Horaya Faith D. Opeña, Rylyn Zhelle P. Calaoa, Daniya Louries M. Baril, Aquirra Monique F. Aquino, Trycia Baros R. Villafuerte, Aezrielle Tyreese L. Agbayani, Aaliyah Bliss C. Detran, Keilah Zofia A. Dapliyan, Denise Margarette Gatchalian, Claire Dario at Tashi Dacanay at pinangungunahan ng kanilang coaches na sina Ginoong Lexter S. Eligio, Binibining Angela Nica Tuzon, at Ginoong Kleval Calatan.

Ang bawat isa ay nagpakita ng kanilang mga natatanging talento sa court na nagdulot ng kahanga- hangang pagganap ng koponan. Bagamat hindi nakamtan ng grupo ang unang parangal, silang lahat ay tinututing na panalo dahil sa kanilang pagkakaisa. Sa larangan ng isports, hindi lamang ang pagiging kampeyon ang mahalaga , kundi ang pagmamalas ng pagkahilig at pagibig ng mga atleta sa naturang isports.//Daniya



*Pagkakaibigan at pagkakaisa. Batang UBians na handang lumaban sa court ng volleyball.*



# ISPORTS

*Tagara, batang manlalangoy na nagtagumpay sa pandaigdigang kompetisyon gamit ang kaniyang kasanayan at determinasyon.*

OMALAHOKAN
OPISYAL NA PAHAYAGANG FILIPINO NG UNIVERSITY OF BAGUIO - LABORATORY ELEMENTARY SCHOOL
BILANG 1 | AGOSTO 2023 - PEBRERO 2024

# Pinakabatang manlalaro ng UBLES, kumupo ng mga medalya sa Taekwondo

**Nag-uwi ng limang ginto, tatlong pilak at dalawang bronse si Zion sa naganap na Regional at National Age Group Taekwondo Championships sa Baguio at Manila simula Abril hanggang Disyembre, taong 2023.**

Si Zion ay lumahok sa sampung iba't ibang kategorya ng taekwondo tournament. Sya ay sumalang sa Kyorugi, individual, pair at team poomsae at nagkamit ng medalya sa bawat kategorya.

Ipinakita nya ang kanyang kakayahan at determinasyon sa mga sumusunod na kompetisyon.

*GOLD – 2023 CAR KYORUGI and POOMSAE Taekwondo Championships – Individual (December 10, 2023, Easter College, Baguio City)

*GOLD – 2023 SMART MVPSF NATIONAL Age Group Taekwondo Championships – Team Poomsae (November 11, 2023, Ninoy Aquino Stadium, Manila)

*GOLD – 2023 SMART MVPSF NATIONAL Inter School Taekwondo Championships – Individual (October 1, 2023, Rizal Memorial Stadium, Manila)

*GOLD– 2023 LUZON PANAGBENGA Taekwondo Championships – Individual Poomsae (April 15, 2023, Easter College, Baguio City)

*GOLD– 2023 LUZON PANAGBENGA Taekwondo Championships – Pair Poomsae (April 15, 2023, Easter College, Baguio City)

*SILVER – 2023 CAR KYORUGI and POOMSAE Taekwondo Championships – Pair Poomsae (December 10, 2023, Easter College, Baguio City)

*SILVER – 2023 SMART MVPSF NATIONAL POOMSAE Taekwondo Championships – Individual Poomsae (June 24, 2023, Ayala Malls, Manila Bay)

*SILVER – 2023 SMART MVPSF NATIONAL POOMSAE Taekwondo Championships – Team Poomsae (June 24, 2023, Ayala Malls, Manila Bay)

*BRONZE – 2023 SMART MVPSF NATIONAL Inter School Taekwondo Championships – Team Poomsae (October 1, 2023, Rizal Memorial Stadium, Manila)

*BRONZE – 2023 SMART MVPSF NATIONAL Age Group Taekwondo Championships – Individual (November 11, 2023, Ninoy Aquino Stadium, Manila).

Sa ngayon, si Zion ay muling naghahanda para sa mga paparating na kompetisyon.



BALITANG INTERNASYONAL ISPORTS

# Tagara, humakot ng parangal sa international scene

**Ipinamalas ni Zephanaia Ielle Tagara ang kanyang tibay at lakas sa paglalangoy sa Asian Open Schools Invitational Aquatic Championships 2024 noong ika- 2-4 ng Pebrero sa Bangkok, Thailand.**



Si Tagara ay lumahok sa iba' ibang kategorya at nakakuha ang mga sumusunod na parangal.

- 50m Butterfly - 17th out of 70 swimmers
- 50m Backstroke - 18th out of 78 swimmers
- 50m Freestyle - 21st out of 81 swimmers
- 100m Butterfly- 14th out of 34 swimmers
- 100m Backstroke - 7th out of 64 swimmers
- 100m Freestyle - 19th out of 76 swimmers
- 200m Freestyle - 4th out of 50 swimmers
- 200m Individual Medley - 16th out of 45 swimmers
- 400m Freestyle - 4th out of 23 swimmers
- 4x50m Freestyle Relay - 5th
- 4x50m Medley Relay - 8th
- 4x50m Mix Freestyle Relay - 8th

Si Tagara at ang kanyang grupo ay patuloy par-ing naghahanda para sa mga susunod pang kom-petisyon.//Dean

# Calica, nagkamit ng ginto sa Wushu

**Dalawang gintong medalya ang nakuha ni Jherisse Athena Calica mula sa 114th Baguio Charter Day Wushu Championship na naganap sa Baguio National High School Auditorium noong ika-30 ng Setyembre.**

Maliban sa Wushu Championship na ginanap dito sa Baguio, lumaban din sya sa Batang Pinoy noong Disyembre 23 at napiling maging kasapi ng Juior Wushu National Team.

